

Chapter One



Zaila wore a black shirt paired with black ripped jeans and a pair of black sneakers. Trip lang niyang magsuot ng itim. Nagpahid siya ng lip gloss sa mga labi para kahit paano ay magkaroon ng kaunting kulay ang itsura niya. Ipinusod niya ang mahabang alon-alon na buhok para hindi siya magmukhang bruha sa harap ng kanyang ama.

“Tara let’s!” kapagkuwan ay yakag niya sa nakababatang kapatid na si Zander.

Pinasadahan siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa. Halata sa ekspresyon ng mukha nito ang pagkadismaya. “Ate, wala ka bang disenteng damit? Tiyak na hindi matutuwa si

Daddy kapag nakitang ganyan ang ayos mo.”

Mukha bang hindi disente ang suot niya? Iyon ngang iba, kulang na lang ay maghubad. Matatanggap pa niya kung sinabi ni Zander na hindi akma sa status ng pamilya nila ang kanyang suot. Pero wala siyang pakialam. Walang karapatan ang iba na magsabi kung ano ang dapat at hindi niya dapat isuot, maski pa ang kanilang ama.

“Ito na ang pinakadisente kong damit,” sabi niya.

“Umuwi ka na kasi sa bahay.” Pagkasabi niyon ay inilibot nito ang tingin sa kabuuan ng munti niyang apartment.

Alam na ni Zaila kung ano ang tumatakbo sa isip ng kanyang kapatid. Hindi na nito kailangang isaboses iyon.

Sino ba ang mag-aakala na titira siya sa ganoong lugar? Ang living room ng apartment niya ay nagsisilbi na ring studio at dining area, kaunting hakbang na lang ay kusina na. May maliit siyang kuwarto sa itaas. Doon ay may single bed, electric fan at five-layered plastic drawer.

“I know what you’re thinking. This is not the kind of life I’m used to,” sabi niya. “But I’m

happy, Zander. Malaya kong nagagawa kung ano ang gusto ko nang walang nagdidikta. Ayokong balikan ang maginhawang buhay na mayroon ako noon dahil pakiramdam ko ay isa akong bilanggo.”

“I know that and I get your point, but—”

“Aalis ba tayo o hindi?” putol niya sa sinasabi nito. “Alam mong wala akong balak na pumunta sa bahay kung hindi mo lang ako sinundo.”

Ipinapatawag siya ng kanilang ama. Wala itong sinasabing dahilan kung bakit gusto siyang kausapin; tinawagan lang siya ng assistant nito.

Simula nang umalis si Zaila sa poder ng mga magulang, bumibisita lang siya sa mga ito kapag may mahalagang okasyon sa pamilya. Pulos sermon at pang-iinsulto kasi ang natatanggap niya mula sa kanyang ama sa tuwing nagtatagpo ang mga landas nila kaya mas pinili niyang huwag magpakita rito.

“Aalis na po,” nakasimangot na turan ni Zander.

Nilapitan niya ang kapatid, sabay kapit sa kaliwang braso nito. “Halika na nga!”

Hindi man sila madalas na magkita ay close sila ng kapatid niya. Nag-iisang babae siya at pangalawa sa tatlong magkakapatid.

Tigtatatlong taon ang pagitan nila. Madalas na mapagkamalan ng mga hindi nakakakilala sa kanila na nobyo niya ang sinuman kay Zander at sa kanilang Kuya Zandro, palibhasa hindi sila magkakamukha. Si Zandro ay kamukha ng ama nila, si Zander ay kamukha ng kanilang ina, samantalang siya ay kombinasyon ng itsura ng mga magulang nila.

“Ate, may sasabihin ako sa ’yo.”

“Ano?”

“Mainit ang ulo ni Daddy nitong mga nakaraang araw. Maganda naman ang pagpapatakbo ni Kuya Zandro sa company, but I don’t think it’s the problem. May bagong project ang *Almonte Realty* somewhere in Negros Island at may isang property na gustong bilhin ng company, pero ayaw pumayag ng owner. Hanggang ngayon, nakikipag-deal pa rin kami sa may-ari ng lupa.”

“Ano nama’ng kinalaman ko sa business n’yo? Labas ako diyan.”

“I’m just telling you na bad mood si Daddy at dahil sa nangyari...” Sinadya nitong ibitin ang sinasabi. “Sana mali ’yong narinig kong usapan nila ng kaibigan niya.”

“Ano ba kasi ’yon? Huwag mo nang patagalin,

sabihin mo na.”

“You’ll be getting married.”

Hinampas niya ito sa braso.

“Aray!” angal nito. “Nagda-drive ako, Ate.”

“Huwag mo kasi akong biruin nang ganyan. Isa pa, ano nama’ng koneksyon ng pagpapakasal ko sa bagong project ni Daddy?”

“Mukha ba akong nagbibiro? I’m dead serious,” walang kangiti-ngiting pahayag ni Zander. “We are here.” Pinatay nito ang makina ng kotse. “Alam mo naman si Dad, kapag hindi nakuha ang gusto niya, kung anu-ano na lang ang naiisip na gawin. At malas ka dahil ikaw ang mapagbubuntunan niya.”

Posible ngang mangyari ang sinasabi nito. Ginawa na kasi iyon ng daddy nila kay Zandro. Nagpakasal ang kuya nila sa apo ng business tycoon na si Don Gustavo Mondragon para maging stable ang realty business ng kanilang pamilya. Pero hindi niya maintindihan kung ano ang koneksyon ng pagpapakasal niya sa project nito.

“Bakit ngayon mo lang sinabi? Sana kanina ko pa nalaman para hindi na ako sumama sa ’yo.”

“Alam kong hindi ka sasama kaya hindi ko sinabi agad. Gusto kong malaman kung tama

nga ang narinig ko para magawan namin ni Kuya Zandro ng paraan na hindi matuloy ang kasal.”

“Salamat.”

Malaki ang pasasalamat ni Zaila sa Diyos dahil nagkaroon siya ng mga kapatid na maunawain, supportive at handa siyang tulungan.

Tahimik silang naglakad papunta sa dining area. Doon na naghintay ang mga magulang nila, pati si Zandro. Sinalubong agad siya ng yakap ng kanilang ina samantalang ang ama nila ay hindi man lang siya tinapunan ng tingin.

“Mas pumayat ka ngayon kumpara noong huli kitang nakita. Kumakain ka ba nang maayos?” nag-aalalang tanong ng ginang. “Napapabayaan mo na ang sarili mo. At ang damit mo...” sapo nito ang noo na tila ba sobrang sakit ng ulo nito na makitang ganoon ang kanyang ayos. “Oh, my gosh! Ipinadala ko sa ’yo ang iba mong damit na naiwan dito at ibinili rin kita ng bago. Bakit hindi mo isinusuot?”

“I don’t need them, Mom.”

“Hayaan mo siya, Cassandra. Sinabi ko naman sa ’yo na huwag mong kinukunsinti ang isang ’yan. Ginusto niyang maghirap kahit puwede naman siyang magpakasasa sa luho. Dapat lang na panindigan niya ang buhay na

pinili niya.”

“Alejandro! Kung makapagsalita ka, para namang hindi mo anak si Zaila.”

“Don’t worry, Mom, sanay na ako.”

Sa tuwing sinesermunan siya ng ama ay pumapasok sa kabilang tainga ng dalaga ang mga sinasabi nito, pagkatapos ay lalabas sa kabila. Ganoon palagi kaysa naman dibdibin niya ang mga salita nito, lalo lang titindi ang sama ng loob niya rito.

“Kanina pa nakahain ang mga niluto ni Manang Dolores kaya kumain muna tayo bago kayo magtalo,” singit ni Zandro.

“Kumain ka na, Zaila. Damihan mo ang kain mo dahil bihira ka lang umuwi dito. Nagpahanda na ako kay Manang Dolores ng pagkaing iuuwi mo.”

“Thanks, Mom, but you don’t need to do that. Nakakakain naman ako sa bahay.”

“Ano’ng kinakain mo? Instant noodles? Canned goods? Pagkain ba ang mga ’yon para sa ’yo? At ang sinasabi mong bahay, parang lungga ng daga. Mas malaki pa ang tinutuluyan ng mga kasambahay natin kaysa sa tinitirahan mo,” napapailing na turan ni Alejandro. “I can’t believe that I have a stupid child.”

I know, right!

Gusto niyang sagut-sagutin ang matandang lalaki pero nagtimi siya. Magulang pa rin niya ito kaya kailangan niyang irespeto. Minsan na nga lang silang magkasabay-sabay na kumain na buo ang pamilya, pagkatapos ay ganito pa. Kaya mas gusto pa niyang kumaing mag-isa ng instant noodles kaysa sumalo sa ama.

“Alejandro, puwede bang huminahon ka muna? Nasa harapan tayo ng pagkain,” sabi rito ng esposa.

Tumahimik naman ito.

Paborito ni Zaila ang mga pagkaing nakahain sa mesa, pero wala siyang ganang kumain. Bumabara sa kanyang lalamunan ang kinakain niya. Pakiramdam niya, hindi siya natutunawan nang maayos sa tuwing nakakasalo ang kanyang ama.

“I’m done,” deklara niya kapagkuwan.

“Ate, hindi mo naman nabawasan ang pagkain mo,” puna ni Zander.

“I’m okay, busog na ako.” Binalingan niya si Alejandro. “Pag-usapan na po natin ang dahilan kung bakit mo ako ipinatawag.”

Lumikha ng ingay ang pagbagsak ng kubyertos sa plato nito. Matalim na tingin

ang ipinukol nito sa kanya. “Kailan mo balak magtrabaho ulit sa kompanya?”

“Ilang beses ko bang kailangang sagutin ang tanong na ‘yan?”

“This might be the last time that I will ask this question.”

“And this is the last time that I will answer it.” Wala siyang planong magpasindak sa ama. “Ayoko na ulit magtrabaho sa kompanya mo.”

Hindi niya maintindihan kung bakit hindi maintindihan ng ama na ayaw na niyang magtrabaho ulit sa *Almonte Realty*, their realty business. Nag-iisang tagapagmana ang kanilang ama kaya silang magkakapatid ang susunod na magmamana sa negosyong iyon.

Musmos pa lang sila ay ipinapaintindi na ni Alejandro na ang kailangan nilang kuning kurso sa kolehiyo ay related sa kanilang negosyo—Business Management, Engineering o Architecture. Fine Arts ang gusto niyang kurso, pero dahil tutol ang kanyang ama ay Architecture ang kinuha niya. Pagka-graduate ay tatlong taon siyang nagtrabaho sa *Almonte Realty*, saka siya nag-resign at mas piniling maging graphic illustrator sa isang publishing company.

Hindi kalakihan ang kinikita niya, pero

sapat na iyon upang matustusan ang kanyang mga pangangailangan. At least, masaya siya at namumuhay siya nang malaya na walang nagdidikta kung ano ang dapat at hindi niya dapat na gawin.

“Fine! I’ll just fix your wedding as soon as possible.”

“What?”

“Alejandro!”

Tama nga ang narinig ni Zander. Kahit may ideya na siya kung ano ang pag-uusapan nila ngayon ay hindi pa rin makapaniwala ang dalaga na gagawin ulit iyon ng kanilang ama. Si Zandro ay ipinagkasundo nitong ipakasal noon, pagkatapos ay siya naman ngayon. Kapag kasal na siya, malamang na si Zander ang susunod. Negosyo yata ang tingin ng ama nila sa kanilang magkakapatid.

Hindi lang nai-close ng ginoo ang deal sa next project nito ay siya na ang pinagbalingan. Well, expected na rin niyang ipapakasal siya nito sa taong hindi niya gusto.

“You don’t have a choice, Zaila. Whether you like it or not, my decision is final. Huwag kang magtangka na kalabanin ako dahil alam mo kung ano ang kaya kong gawin.”

“I know. Nagawa mo ngang sirain ang buhay ng ibang tao na wala namang ginagawang masama sa 'yo. Pinaglingkuran ka pa ng taong 'yon. Nagawa mo nga iyon sa taong napapakinabangan mo, sa 'kin pa kaya na walang silbi sa 'yo?”

“Para sa ikabubuti mo ang ginagawa ko noon at ang gagawin ko ngayon. Sana maintindihan mo ako.”

“Really?” Tinawanan ni Zaila ang sinabi nito. “Ikabubuti ko o ikabubuti mo?”

“Pareho.”

Para siyang sinaksak ng kutsilyo sa narinig. Sana man lang ay nagsinungaling ito. Pero sumang-ayon pa talaga si Alejandro sa sinabi niya.

“Dad, maganda ang pagpapatakbo ko sa company. Hindi mo na kailangang ipakasal si Zaila dahil sa business.”

“It's not about *Almonte Realty*, Zandro. It's about your sister's welfare. Wala siyang mapapala sa pagiging graphic illustrator niya. Kapag naikasal siya sa isang lalaking nagmula sa isang mayaman at maimpluwensyang angkan, hindi ko na kailangang isipin kung ano ang magiging future ng kapatid mo. Hindi na niya kailangang magtrabaho at makakatulong pa siya sa negosyo.”

Ama ba talaga niya ang nagsasalita? Sobrasobrang pang-iinsulto na ang natanggap niya mula rito. Pati ang pagiging graphic illustrator niya ay hinamak nito. Ang masakit pa, ipinaramdam nito na wala siyang kuwenta at kailangan niyang magpakasal sa mayaman at maimpluwensyang tao para magkaroon siya ng magandang buhay.

“Dad, mahirap ang sitwasyon kapag nagpakasal ka sa taong hindi mo mahal,” sabi ni Zander.

“I know, pero kinaya ng kuya n’yo.”

“Magkaiba sina Kuya Zandro at Ate Zaila. Hindi naman ibig sabihin na successful ang fixed marriage ni Kuya ay ganoon din ang magiging kapalaran ni Ate.”

“Thank you, Zander, sa pag-aalala sa ’kin.” Hinarap ni Zaila ang nakatatandang lalaki. “Gawin mo kung ano’ng gusto mong gawin, tutal, wala naman akong pakinabang sa ’yo. Sige, ipakasal mo ako sa pinakamayaman at pinakamaipluwensyang tao sa mundo. Bayad ko na ’yon sa pagpapalaki mo sa ’kin... para quits na tayo.”

Makakatikim sana siya ng sampal mula rito, pero mabilis na humarang si Zandro. Ginamit niya ang pagkakataong iyon para makaalis. Pagod

na pagod na siyang pakinggan ang sasabihin ng ama.

“Hindi pa tayo tapos mag-usap! Bumalik ka rito!”

Narinig ni Zaila ang pagsigaw ng kanilang ama, pero hindi na siya lumingon.

“Ihahatid na kita, Ate,” sabi ni Zander, na hindi niya namalayang sumunod pala sa kanya.

“Bumalik ka roon. Baka mamaya ay ikaw pa ang mapagbuntungan ng galit ni Daddy.”

“Don’t worry about me. Sinundo kita kaya ihahatid kita pabalik sa bahay mo.”

“Thank you.”

Chapter Two



Zaila was furious. Wala nang ibang ginawa ang kanyang ama kundi ang galitin siya. Mapayapa siyang nagpipinta sa apartment nang biglang dumating ang mga tauhan nito at sapilitan siyang isinama papunta sa opisina ng *Almonte Realty*. Hindi na siya nakapagpalit ng damit. Maikling maong shorts at lumang t-shirt na pulos mantsa ang suot niya dahil iyon ang ginagamit niya kapag nagpipinta. Mukha siyang basahan sa suot niya.

“Ma’am, bilin po ni Mr. Almonte na maghintay po muna kayo dahil may kausap pa po siya sa loob.”

“I don’t care.” Akmang papasok na si Zaila

nang bigla siyang hawakan ng mga tauhan ng kanyang ama. “Ano ba? Bitawan n’yo nga ako!”

“Ma’am, hindi ka pa puwedeng pumasok.”

Nagpupuyos na siya sa galit. Ano kaya ang plano ni Alejandro this time? “Sapilitan n’yo akong dinala rito, ’tapos ngayong nandito na ako ay ayaw n’yo naman akong papasukin. Damn! Bitawan n’yo nga sabi ako!”

“Sorry, Ma’am Zaila, sumusunod lang kami sa utos ni Mr. Almonte.”

Hindi pa rin siya binibitawan ng mga ito. She had no choice but to kick their sensitive parts. Gumana ang naisip niyang paraan para makawala at matagumpay siyang nakapasok sa opisina ng ama.

“Ano pa ba ang kailangan mo sa ’kin, Dad? Pumayag na ako sa gusto mong mangyari. Kulang pa ba?”

Binalewala nito ang mga sinabi ni Zaila. “Can’t you see that I’m having a conversation with Mr. Montargo? Please go out. We’ll talk later,” kalmado nitong turan, ngunit halata ang galit sa boses.

“I don’t care!” galit ding sagot ng dalaga. Hindi lang ito ang may karapatang magalit. Nauubos na ang pasensya niya, pati ang respeto niya ay

nawawala na. “Pagkatapos akong kaladkarin ng mga tauhan mo rito, paghihintayin mo lang ako? Kulang na lang posasan nila ako papunta rito. Ano ako, kriminal?”

Ngayon niya lang napansin na ang suot niya sa paa ay pambahay na tsinelas na may design na *Pikachu*. “Look at me, mukha akong naglalakad na basahan.”

“Excuse me. I think I need to go now, Mr. Almonte,” sabad ng kausap ng daddy niya. Ngayon niya lang ito napansin. Matangkad ang lalaki—tantya ni Zaila ay nasa 5’10” ang height. Guwapo ito, pero walang dating sa kanya.

“How about my offer, Mr. Montargo?” tanong ni Alejandro.

“I’m sorry, Mr. Almonte, but my decision is final. Thank you for the offer, but I won’t sell my property.”

Umalis ito at naiwan silang mag-ama. Nababasa niya sa mukha ng magulang ang matinding frustration. Ang lalaking kausap nito kanina marahil ang may-ari ng property na binanggit ni Zander sa kanya.

“Let’s have a deal,” pagbasag ng matanda sa katahimikan.

Tumaas ang kaliwang kilay ni Zaila. “Ano

namang kalokohan 'yan, Dad?"

"I'm not kidding. Kapag nakuha mo ang property ni Mr. Montargo sa Negros, I'll cancel your wedding. Tatal, hindi pa namin napag-uusapan ng Ninong Wilfredo mo ang detalye ng kasal."

So, ang anak pala ng Ninong Wilfredo niya ang nakatakda niyang pakasalan. Hindi na masama dahil magkababata sila ni Alfred. Nawalan sila ng komunikasyon noong maka-graduate sila ng college dahil nagdesisyon ang huli na mag-aral ulit sa ibang bansa.

"Bakit mo ipagkakatiwala sa 'kin ang project na 'yan?" Duda siya sa gustong mangyari ng kanyang ama. "At paano ako makakasiguro na tutupad ka sa usapan?"

"We will sign a contract. Property lang ang kailangan mong makuha kay Mr. Montargo. It's not necessary for you to be part of the project unless you want to work again."

"Hindi nga kaya ng best employees mo na makipag-deal kay Mr. Montargo at kahit ikaw na mismo ang nag-offer ay tinanggihan pa rin. Bakit ako?"

"I'm desperate to have the property. Ayaw mo bang subukan? This is your chance to get your

freedom.”

Ang saklap ng buhay ni Zaila! Ang sariling kalayaan niya ay may kapalit. Ano ba ang mayroon sa property na iyon at atat ang kanyang ama na mapasakamay nito?

“What if I work again at your company, will you cancel the wedding?” nagbabakasakali niyang tanong.

“No. You need to get the property first so I can cancel the wedding. You have one week to do that.”

“What?” Nanlaki ang mga mata ni Zaila sa sinabi nito. One week ang katumbas ng habambuhay na pakikisama sa lalaking hindi niya mahal kapag pumalpak siya. Mautak talaga ang kanyang ama. Gusto nitong pahirapan siya.

Makikipagtawaran siya rito.

“Masyadong maikli ang one week, Dad. Remember, hindi kinaya ng team mo na mai-close ang deal—kahit nga ikaw, di ba? Make it two weeks.”

“Masyadong mahaba ang two weeks. I’ll make it ten days.”

“Two weeks.”

“One week or ten days? That’s the option you have.”

“Tsk!” Walang makakatalo kay Alejandro pagdating sa negotiation. Well, except sa lalaking kausap nito kanina. Hindi gumana roon ang skill ng kanyang ama.

Wala namang masama kung susubukan niya. Mas maigi na iyon kaysa wala siyang ginawa para makuha ang kalayaan niya. Kahit mukhang imposible ang ipinapagawa sa kanya ng ama ay susubok pa rin niya.



Limang araw na ang nakalipas simula nang dumating si Zaila sa Negros. Limang araw na rin siyang pabalik-balik sa bahay ni Andrei Montargo, pero wala siyang napala. Palagi itong wala sa tuwing pumupunta siya. Wala ring ibang tao sa bahay nito. Limang araw na lang ang nalalabi sa kanya para makausap ito. Paano niya mababago ang desisyon ng lalaki kung hindi naman sila nagkakausap?

Mahirap ang means of transportation sa lugar na iyon. Isang biyahe sa umaga papunta sa bayan at isang biyahe sa tanghali pabalik doon. May alternatibo namang masasakyan—ang habal-habal. Iyon ang tawag ng mga tagaroon sa motor na pampasada. Habal-habal ang palagi niyang sinasakyan. Inaarkila na niya para makabalik

siya agad sa bayan. Hindi siya makapaniwala na may ganoong klaseng lugar pa pala sa Pilipinas.

Dating gawi, pabalik niya sa bayan ang driver at magte-text siya kung anong oras siya magpapasundo. Nang nakaraang araw pa nagsimula si Zaila na mag-abang doon maghapon. Nagtanung-tanong siya kahapon sa mga bahay na naroon, pero walang makapagsabi sa kanya kung nasaan at kailan babalik si Andrei Montargo. Sinasadya yata ng lalaki na hindi siya harapin.

“Nakakainis! Para akong tanga rito.”

Maaga siyang dumating doon, pero tanghali na ngayon at tirik na tirik na ang sikat ng araw. Mabuti at naisipan niyang magsuot ng long-sleeves na damit. Ubos na ang tubig at biscuits na baon niya.

“Saang lupalop ka ba ng mundo naroroon?” sabi pa niya maski wala naman siyang kausap doon.

Sumalampak ang dalaga sa ugat ng punong sinisilungan. Pagod na pagod na ang mga binti niya sa katatayo. Gutom na gutom na rin siya. Sumandal siya sa puno. Pakiramdam ni Zaila ay nauubusan na siya ng lakas.



“Anak, ihinto mo sandali ang sasakyan.”

Nagtaka si Andrei kung bakit iniutos iyon ng kanyang ina samantalang malapit na sila sa gate ng bahay nila. “Ma, may problema ho ba?”

“Parang may taong nakahandusay sa ilalim ng puno,” sagot nito. “Tingnan mo nga. Baka may masamang nangyari sa babae.”

“Okay.” Bumaba siya mula sa sasakyan at nilapitan ang babaeng tinukoy ng ina niya. Base sa pagkakasandal ng estranghera sa puno ay mukhang okay naman ito. Wala siyang nakitang pinsala o kakaiba sa katawan nito. “Miss,” untag niya na marahan itong tinapik sa balikat. “Miss!”

Unti-unting dumilat ang mga mata nito. Nagulat siya nang bigla itong bumalikwas ng bangon.

“Finally, dumating ka,” nakapamaywang na turan nito. “Limang araw na akong pabalik-balik dito, pero ngayon ka lang nagpakita. Grabe! Wala pang makapagsabi kung nasaan ka. Pinagtataguan mo ba ako?”

Nangunot ang noo ni Andrei. Wala siyang ideya sa sinasabi ng kaharap. He didn't know the woman, but she looked familiar. Parang nagkita na sila dati. “Do I know you?”

Inirapan siya nito. Wala pang babaeng

naglakas-loob na irapan siya sa tanang buhay niya. Even his former girlfriend hadn't done that!

“Do I know you?” Muli itong umirap.

What the hell? Ano ba ang problema nito? She must be crazy!

“Is there any problem?” untag ng mama niya na nakaibis na rin pala mula sa sasakyan.

“Nothing, Ma.”

“Magandang araw po, Ma'am,” nakangiting bati ng babae sa kanyang ina.

Kanina lang ay hindi niya ito makausap nang maayos, pagkatapos ngayon ay todo-ngiti ito. “I'm Zaila Almonte.” Nakipagkamay pa ito sa ginang.

“I'm Nadia Montargo. Nice meeting you, hija,” sagot nito saka nakangiting tinanggap ang kamay ng dalaga. “Girlfriend ka ba ng anak ko?”

Nagulat siya sa tanong ng ina. “Ma!”

Matagal na panahon na siyang walang girlfriend kaya excited itong magkanobya siyang muli. “I'm just asking.”

“Ma'am, I'm sorry, but I'm not his girlfriend. Malabo pong mangyari 'yon. I'm just here for business.”

“Ganoon ba?” Napalitan ng lungkot ang excitement sa ekspresyon ng mukha ni Mrs. Montargo. “Sorry, akala ko may girlfriend na ulit

si Andrei.”

“It’s okay.” Binalingan siya ng dalaga. “You asked me if I know you. Well, I don’t know anything about you except your name. By the way, I’m Zaila Almonte.” Inilahad nito ang kamay sa kanya.

She looked familiar because she was the daughter of Mr. Alejandro Almonte. Naalala tuloy niya kung paano nito sinaktan ang mga maskuladong lalaki na pumipigil ditong makapasok sa opisina ng ama nito. Nakita niya ang lahat ng ginawa nito dahil may monitor sa loob ng opisina ni Mr. Almonte na connected sa CCTV. Naabutan pa niyang namimilipit sa sakit ang dalawang tauhan paglabas niya ng opisina.

“Okay! I get it! Ayaw mong makipag-handshake sa ’kin. Pero puwede ba tayong mag-usap?”

Damn! He didn’t mean to do that.

“Please.” Nakikiusap ang mga mata nito. Malumanay na rin itong magsalita, hindi kagaya kanina na halos bulyawan siya.

Ngayon lang niya napansin na sobrang pula ng mga pisngi nito dahil sa tindi ng init. Ilang oras na kaya itong naghihintay sa kanya? She looked tired and restless.

“Hijo, kailan ka pa naging ungentlemanly? Hindi kita tinuruan ng masamang asal. Kapag nakita ka ng lola mo, tiyak na magagalit ’yon sa ’yo,” sermon ng kanyang ina. “Sorry, hija. Let’s go inside. Ipaghahanda kita ng pagkain.”

“Salamat po.”

Sinundan niya ng tingin ang dalawang babae.

Lumingon sa kanya si Mrs. Montargo, bakas sa mukha ang pagtataka. “Ano ba’ng nangyayari sa ’yo, Andrei?”

Chapter Three



Nagtanong si Mrs. Montargo kung ano ang ginagawa ni Zaila roon at kung ilang araw na siyang naghihintay. Ikinuwento niya ang lahat dito. Akala niya ay pinagtataguan siya ni Andrei. Kung anu-ano pa naman ang lumabas sa bibig niya kanina. Hindi niya kasi mapigilan ang sarili kapag may gusto siyang sabihin.

“Sorry sa nangyari,” sabi ng ginang. “Nasa kabilang bayan ako nitong mga nakaraang araw dahil nagpasama ang lola ni Andrei sa kapatid niya. Gustong magbakasyon doon ng matanda at nababagot dito dahil walang makausap. Pumunta kasi ng Maynila si Andrei at pagbalik

niya ay may inaasikaso rin sa kabilang bayan.”

“Okay lang po, naiintindihan ko.”

“Mag-usap na kayo ni Andrei. Mukhang importante ang pakay mo kaya iiwan ko muna kayo. Maghahanda rin ako ng pagkain.”

“Salamat po pero hindi na kailangan. Aalis din po ako kaagad.”

“I insist. Sigurado akong gutom ka na.”

Naiwan sila ni Andrei sa terrace. Kanina pa niya napapansin na masama ang tingin ng lalaki sa kanya. Kung nakakamatay ang tingin, malamang kanina pa siya nawalan ng hininga.

“Bakit ang sama ng tingin mo sa 'kin?”

“Gaano ba kayo kadesperado na makuha ang property ko?” Hindi nito sinagot ang tanong niya, pero obvious naman kung bakit. Inis na inis na siguro ito dahil hindi pa rin tumitigil ang company nila sa pagtatangkang makuha ang property nito.

“Una, ang mga tauhan ng ama mo ang pumunta rito at kumausap sa 'kin. Hindi ako pumayag na ibenta ang property ko, pero hindi pa rin tumigil si Mr. Almonte sa pagpapadala ng mga tauhan para kumbinsihin ako. Napilitan akong pumunta sa Maynila para ako na mismo ang magsabi sa kanya na hindi ko ipinagbibili

ang property. Akala ko malinaw na ang lahat, pero mukhang hindi dahil nandito ka.”

“Yes, I agree with you that we are desperate to get your property. But we have different reasons why we are doing this.” Desperada talaga siya dahil kalayaan niya ang nakasalalay roon.

“I don’t care whatever your reason is. I will not sell my property.”

“Why?”

“It’s none of your business.”

Mahirap kausap ang binata. Tama nga ang kutob niya na imposibleng makumbinsi niya ito. Magaling makipag-negotiate ang kanyang ama, pero hindi nito nakuha ang ‘oo’ ng binata. Paano pa kaya siya na walang alam sa negosyo?

“It’s my business to know para alam ko kung ano’ng dapat na i-offer sa ’yo upang mapapayag kita.”

Naningkit ang mga mata nito. “Sinabi ko na ’to kay Mr. Almonte. Walang katumbas na halaga ang property ko.”

Alam na ni Zaila kung bakit nahihirapan ang company nila na bilhin ang property. Dahil walang ibinibigay na specific na dahilan si Andrei. Ano ang ibabayad nila sa walang katumbas na halaga? Wala.

Nakikita ni Zaila ang sarili sa binata. May paninindigan ito gaya niya na hindi basta-basta natitibag. Naintindihan na niya ngayon kung bakit nakipag-deal sa kanya ang ama. Gusto lang nitong ipamukha sa kanya kung gaano siya katigas manindigan. At upang maramdaman niya na wala siyang pag-asang makuha ang hinihiling niya kahit mag-effort pa siya nang sobra.

“I respect your decision and I’m sorry sa pang-aabala na nagawa namin sa ’yo.” Tumayo si Zaila. “Well, I guess our conversation ends here.”

Dumating ang ina nito. “Aalis ka na? Ang bilis n’yo namang mag-usap.”

“Opo.” Wala siyang rason para magtagal pa roon.

“Kumain ka muna bago umalis. Saglit na lang at maluluto na ang inihanda ko para sa ’yo. Sayang kung hindi mo matitikman.”

“Mahaba ang oras ng biyahe kaya kumain ka muna,” sabi ni Andrei.

Huh? Tama ba ang narinig niya? Bakit bigla itong bumait sa kanya? Magtatanong sana siya kaya lang bigla siya nitong tinalikuran.

Weird.



“Huwag ka nang sumama pabalik sa farm,”

sabi ni Andrei. Kasalukuyan silang nasa bayan upang kunin ang gamit ni Zaila sa inn. “Umuwika na sa Maynila.”

Pinagtaasan niya ito ng kilay. “Bakit kita susundin? Mama mo ang nag-imbata sa ’kin na tumuloy sa inyo kaya siya lang ang may karapatan na sabihan ako ng ganyan.”

Mainit nang nakaraang araw, pero biglang bumuhos ang napakalakas na ulan bandang hapon kaya napilitan siyang doon magpalipas ng gabi dahil delikado nang bumiyahe. Masama rin ang pakiramdam ni Zaila kaya hindi na siya nagpumilit na bumalik. Tumawag siya sa inn para sabihin na hindi siya makakabalik.

Plano na niyang bumalik ngayon sa Maynila kaso pinigilan siya ng mama ni Andrei. Magstay raw muna siya kahit ilang araw lang para makabawi ang mga ito sa paghihintay niya nang limang araw. Pabor iyon sa kanya dahil may apat pang natitira sa sampung araw na ibinigay ng daddy niya, tatal, naka-leave naman siya sa trabaho kaya wala siyang problema.

Susulitin ng dalaga ang natitirang araw na mayroon siya bago niya harapin ang problema sa Maynila. Baka sakaling may makuha siyang sagot kung bakit ayaw ipagbili ng binata ang

property nito.

“Why do you agree to stay? What’s your plan this time?” tanong ng lalaki.

“It’s none of your business.” Ginaya ni Zaila ang sagot nito sa kanya kahapon pati ang tono ng pananalita ng lalaki. Trip niyang asarin ito dahil pinagsusungitan siya ng kausap. Natutuwa siya sa reaksyon ng mukha nito. Kahit magaling siyang magpinta ay mukhang hindi niya ito kayang iguhit.

“Nandito na tayo.”

Inihimpil ni Andrei ang sasakyan sa tapat ng inn na tinutuluyan niya. “Bumalik kang mag-isa sa farm kung gusto mo, may aasikasuhin pa ako.”

Mukhang na-bad trip ito sa kanya, pero hindi siya magpapaapekto. Matamis na ngiti ang isinukli niya sa pagsusungit nito para lalo itong mainis sa kanya. “Okay! No problem. Bahala kang mag-explain kay Tita Nadia kung bakit hindi mo ako kasama pagbalik mo.” Mabilis silang nagkasundo ng mama nito. Ayaw ng ginang na tawagin niya itong ‘Ma’am’. ‘Tita’ ang gusto nito. “Good luck!”

Akala siguro ni Andrei ay madali siyang masindak. Puwes, nagkakamali ito. Nakaya niyang kalabanin ang daddy niya kaya sisiw sa

kanya ang binata. Babalik siyang mag-isa roon kung iyon ang gusto nito.

Pagkatapos niyang iligpit ang gamit ay nag-check-out siya. Paglabas ng inn, nagulat siya nang makitang nandoon pa rin ang kotse at nasa labas si Andrei. Hinintay siya nito.

Napangiti siya. “I wonder why you’re still here,” painosenteng sabi niya, inaasar ito.

“Bakit ang tagal mo? Bilisan mo ang pagkilos para hindi masayang ang oras ko. Pumasok ka na sa kotse bago pa magbago ang isip ko.”

Hindi maintindihan ni Zaila kung bakit ang sungit nito sa kanya. “Hindi ko sinabing hintayin mo ako.”

“Alam mo, dapat magpasalamat ka kaysa magreklamo.”

Bakit ba galit ito? She never asked anything from him. Ito ang nagsabi sa kanya na bumiyahe siyang mag-isa. Malay ba niyang hihintayin siya nito.

“Kung labag sa kalooban mo ang ginagawa mo, sana tumanggi ka sa mama mo noong nakiusap siya sa ’yo na samahan ako. Wala namang pumilit sa ’yo na gawin ’to.”

Magko-commute na lang si Zaila o pupunta sa ibang lugar bago siya bumalik sa Maynila.

“Where are you going?”

“Sa lugar na malayo sa 'yo,” sagot ng dalaga na hindi tumitingin sa binata. Naglakad siya patungo sa kabilang direksyon. Hindi pa siya nakakalayo rito nang bigla nitong hatakin ang maletang bitbit niya. “Ibalik mo sa 'kin 'yan!” Pero hindi siya nito pinakinggan. Mabilis itong nakabalik sa kotse at inilagay ang maleta niya sa backseat saka siya binalikan. “Ano ba'ng problema mo? Ibalik mo sa 'kin ang gamit ko.”

“Sumama ka sa 'kin pabalik sa bahay.”

“What?” Napapalatak si Zaila. “Ibang klase ka rin. Kanina ipinagtatabuyan mo ako, 'tapos ngayon gusto mo akong sumama sa 'yo.”

“Kung sa 'kin lang, ayokong isama ka pabalik. But I have a reason to do it.”

What a nerve! Nauubos na ang pasensya niya rito. “I don't care whatever your reason is. I will not go with you.”

Hindi maipinta ang mukha ni Andrei dahil sa narinig. Iyon ang sinabi nito kahapon at ginaya niya. Very good!

“Please!”

Ang bilis bumaliktad ng ihip ng hangin. Kahapon ay siya ang nagmamakaawa rito, pero ngayon ay baliktad na ang sitwasyon.

“Tell me your reason.”

Pasalamat ang kausap dahil binigyan niya ito ng pagkakataong magpaliwanag. Hinintay niya ang sagot ng lalaki, ngunit wala itong imik at tinitigan lang siya. Nakakailang ang paraan ng pagtitig nito.

“Magsasalita ka ba o hindi? Huwag mong sayangin ang oras ko. Madali akong kausap kung ayaw mong—”

“Gusto ni Lola na makita ka. Naikuwento kasi ni Mama sa kanya ang tungkol sa 'yo. She's excited to meet you. Nagpapasundo siya ngayon sa 'kin para makita ka. I don't want to disappoint her.”

Nabawasan nang kaunti ang inis ng dalaga rito. Sa tono kasi ng pananalita ni Andrei ay halatang mahal na mahal nito ang abuela.

“Okay, sasama na ako sa 'yo.” Hindi niya kayang tanggihan ang hiling ng matanda. Kahit hindi pa sila nagkikita, nararamdaman niyang magkakasundo sila nito. Mabuti pa nga ito, kahit hindi pa sila magkakilala ay gusto siyang makita. Samantalang ang ama niya ay gusto lang siyang makita kapag may kailangan sa kanya.

“Ano'ng kapalit ng pagpayag mo?”

Matalim na titig ang ipinukol ni Zaila rito.

Nainsulto siya sa sinabi ng binata. Kailangan bang may hingin siyang kapalit sa pabor na ibibigay niya rito? “Bukal sa loob ko ang pagpayag. Hindi ko kailangan ng anumang kapalit. Nasa ’yo na kung may ibibigay ka.” Wala siyang narinig na tugon mula rito. “Umalis na tayo. Baka mainip ang lola mo sa paghihintay sa atin.”

Hindi na hinintay ni Zaila na sumagot ang kasama. Nauna na siyang naglakad patungo sa sasakyan.

Chapter Four



May tatlong araw pang natitira si Zaila upang mag-enjoy. Hindi siya nakalibot sa farm nang nakaraang araw dahil maghapon silang nagkuwentuhan ng Lola Rissa ni Andrei. Natutuwa siya dahil mabilis silang nagkasundo ng matanda. Tuwang-tuwa ito dahil matagal na mula nang huli itong magkaroon ng ibang tao na bisita. Super friendly ang lola at mama ng binata, na kabaliktaran nito.

“Apo, ipasyal mo si Zaila sa farm,” utos ng matanda kay Andrei.

Napatingin siya sa binata. Blangko ang ekspresyon ng mukha nito.

“Lola, baka busy po si Andrei. Okay lang po

ako rito.” Ayaw niyang makasama ang lalaki dahil hindi sila magkasundo. Puwede naman siyang pumunta roon nang mag-isa kung gugustuhin niya.

“I’m busy, but I can take you there. Tamang-tama, magtanim ngayon ng kamote.”

Bigla siyang na-excite dahil first time niyang makaka-experience na magtanim. Isasantabi muna niya ang inis sa binata.

“Pagkatapos nating mag-agahan, pupunta tayo sa farm. Magpalit ka ng damit, hihintayin kita sa labas,” sabi nito.

“Okay.”

Nang matapos mag-almusal ay pumunta agad si Zaila sa guest room upang magbihis, kaya lang ay wala siyang damit na angkop sa pagtanim. Sino ba ang mag-aakala na magtanim siya? Pumunta siya roon para sa deal, pero dahil nandoon na siya at wala naman siyang mapapala sa kasunduan nilang mag-ama ay mag-e-enjoy na lang siya.

She had no choice but to wear denim skirt, white tee and white sneakers. Iyon na lang ang natitirang malinis na damit niya. Wala siyang planong magtagal sa Negros kaya iilan lang ang dinala niyang damit.

“What took you so long?” nakasimangot na tanong ni Andrei. Sinuyod nito ng tingin ang kabuuan niya mula ulo hanggang paa.

Pakiramdam niya ay isa siyang specimen na pinag-aaralan gamit ang microscope.

“Hey! I know that my outfit isn’t suitable for farming. Wala akong masuot, eh,” depensa niya. Wala itong sinasabi tungkol sa kasuotan niya, ngunit alam niyang iyon ang dahilan kung bakit siya nito tinititigan sa ganoong paraan.

“I’m not saying anything. You’re too defensive.”

Inirapan na lang ito ni Zaila.

“Let’s go. Sayang ang oras, maglalakad pa tayo.”

“Ha?” Tama ba ang narinig niya na maglalakad sila? “Malapit lang ba?”

“Depende kung ano ang kahulugan ng ‘malayo’ para sa ‘yo.’”

Pinagtaasan niya ito ng kilay. Puwede naman kasing sagutin siya nang maayos. Mahirap bang gawin iyon?



“Wow! Tanong ko, sagot ko?” Tinapik ni Zaila ang kanang balikat gamit ang kaliwang kamay. “Zaila, kalma lang. Simulan mo nang maglakad para masagot mo ang tanong mo. Go na!” parang

tanggap pagkausap niya sa sarili.

Nagmartsa siya palayo sa binata, pero tumigil din agad. Na-realize niyang hindi niya alam ang daan patungo sa farm. No choice siya kundi ang bumalik. Pumihit siya paharap kay Andrei at nagtama ang kanilang tingin. Mataman siya nitong pinagmamasdan. May naramdaman siyang kakaiba sa paraan ng pagtitig nito sa kanya. Mas okay yata na sungitan siya nito kaysa ganoon.

“Any problem?” nakahalukipkip na tanong nito.

Lumunok muna siya bago sumagot, “Hindi ko alam ang daan patungo sa farm. Sabay na tayo,” sagot ni Zaila. Wala siyang guts na magmaldita rito dahil hindi niya alam puntahan ang farm. Gustung-gusto pa naman niyang pumunta roon. “Please.” Gusto niya talagang sumama kaya ginamitan niya ito ng sweet voice. Ganoon dati ang ginagawa niya kapag naglalalambing sa ama. Umubra sana kay Andrei.

He chuckled. Namamalikmata ba siya? Pero mukhang hindi dahil nakita niyang lumabas ang dimples nito sa magkabilang pisngi. *Cute!* Ngayon lang niya na-appreciate ang kaguwapuhan ng lalaki. Naghuramentado ang puso niya. Hala!

Ano ang nangyayari sa kanya?

Gusto niyang sabihin na ang guwapo nito kapag nakangiti, pero nanatiling tikom ang bibig niya. Speechless siya. Binabawi na niya ang kanyang sinabi noong una niya itong makita na wala itong dating sa kanya.

Lalo pang lumutang ang kaguwapuhan ni Andrei sa suot na fitted t-shirt na naka-tuck-in sa ripped jeans. Nakasuot ito ng garden boots at may flannel shirt na nakapatong sa kaliwang balikat. Hindi na nito kailangang maghubad upang masabi na toned ang muscles at may six-pack abs. Dahil fit ang suot na t-shirt ay bakat ang magandang hubog ng katawan nito. Nadagdagan pang lalo ang kaguwapuhan nito sa suot na ripped jeans. Ang hot ni Andrei!

Oh, boy! Pinagnanasaan ko ba siya? Oh, my gosh! Hindi siya makapaniwala sa sarili. Erase! Erase! Nakakaloka!

“Sasama ka ba o tititigan mo lang ako maghapon?”

Bumalik sa huwisyong si Zaila dahil sa sinabi nito.

“Ang kapal!” Pinagkrus niya ang mga braso sa harap ng dibdib. “Tinitingnan kita, hindi tinititigan. Magkaiba ang titig sa tingin.”

Tinarayan niya ito upang mapagtakpan ang pagkapahiya. “Hindi kita type, ’no!”

Bakit niya sinabi iyon? She was out of her mind. Lalong nadagdagan ang pagkapahiya niya rito.

“Tara na,” malamig na tugon nito.

Nagpapasalamat siya dahil hindi nito pinatulan ang sinabi niya. Nakakahiya siya! Sa susunod ay pag-iisipan na niyang mabuti ang sasabihin at gagawin—o mas mabuti sigurong manahimik na lang siya.



Mahigit beinte minuto na silang naglalakad, but Andrei never heard Zaila complain. Bawat madaanan nitong halaman, bulaklak, puno, paruparo at iba pang insekto at damo ay naa-appreciate nito. Mistula itong bata na gumagala sa Wonderland.

“Hindi ka ba napapagod maglakad?”

Lumingon ang dalaga sa kanya. Nauuna kasi itong maglakad at nakasunod siya rito.

“No!” nakangiting sagot nito. “Imposibleng mapagod ako. Kahit maghapon at magdamag akong maglakad sa ganitong lugar ay hindi ako mapapagod. It’s all worth it because this place is very beautiful.”

Nakangiti palagi ang babae sa tuwing kausap ang mama at lola niya. But this was the first time he'd seen her smile like this. Her smile was infectious. Pati mga mata nito ay nakangiti rin.

“Hey! Mr. Sungit, nakakalusaw ang titig mo,” nakapamaywang na turan nito.

Hindi siya kumibo dahil totoo naman ang sinabi ni Zaila. Ang gara sa feeling na nahuli kang nakatingin ng mismong taong tinititigan mo. Alam na niya ang feeling nito kanina nang mahuli niya itong nakatitig sa kanya.

“Mr. Sungit, hindi kita masisisi kung nagagandahan ka sa 'kin, pero paalala lang: bawal kang ma-in love sa 'kin.”

Ano ang tawag nito sa kanya—Mr. Sungit? Ngayon lang may tumawag sa kanya ng ganoon. At ang lakas ng loob nito na sabihin sa kanya na mai-in love siya rito!

“You don't have a model-like figure so don't worry, I won't fall for you.”

“Joke lang! Ang sungit mo talaga; hindi ka mabiro. Nasaan na ba tayo?”

“Mali ang dinadaan natin. Iba ang direksyon papunta sa taniman ng kamote,” seryoso niyang sabi.

Matalim na titig ang ipinukol nito sa kanya.

“Huwag mo akong biruin.”

“Kailan kita biniro?” It was payback time. Gusto niyang makita ang reaksyon ni Zaila.

“What!” Namilog ang mga mata ng dalaga. “Bakit hindi mo sinabi?”

Hindi niya sinadya na sa ibang direksyon dumaan. Dapat liliko sila kanina, kaya lang ay nauna na itong maglakad. Tuwang-tuwa ito sa mga nakikita sa paligid kaya hindi na sinabi ng binata na liliko sila.

“Nakikita kitang nag-e-enjoy kaya pinabayaan kitang maglakad nang maglakad,” walang emosyong sagot ni Andrei.

Nag-e-enjoy siya o nag-e-enjoy kang pagmasdan siya? usig ng kanyang konsyensya.

Bago nagsalita si Zaila ay tumitig ito nang matagal sa kanya, parang pinag-iisipang mabuti kung ano ang sasabihin. “Iniisip ko kung nagsasabi ka ba ng totoo o hindi. Gusto ko ring mainis sa ’yo pero saka na lang, tutal, totoo namang nag-enjoy ako. Pero please lang, ituro mo na ang tamang daan.” Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok na tumatabing sa sariling mukha. “Ah, hindi pala! Huwag mong ituro, mauna kang maglakad at susundan na lang kita. Baka idahilan mo na naman ang pag-e-enjoy ko. Go na!”

Napailing si Andrei, but at the same time ay hindi niya mapigilang ngumiti. She was really different. She could change her emotions in a jiffy. She could also tell what was on her mind without hesitation.

Wala pang sampung minuto ang lumipas ay narating na nila ang taniman ng kamote.

“Maayong buntag, Sir Andrei,” nakangiting bati sa kanya ng mga tao.

“Magandang umaga,” ganting bati niya.

“Sir, kinsa man nang guwapa nimo nga kauban?” Sino raw ang maganda niyang kasama, tanong ni Manang Gloria.

“Manang Gloria, siya po si Zaila... taga-Maynila.”

“Magandang umaga po,” nakangiting bati ng dalaga.

Binati rin ito ng matanda. “Mawalang-galang ho, Sir,” pagkatapos ay sabi nito sa kanya. “Puwede ho bang magtanong?” Napalitan ng lungkot ang ngiti sa mukha ng matanda. “Ibebenta na ba ang farm?” halata ang pangambang tanong nito.

“Kuya Andrei, totoo po bang mawawalan na kami ng tirahan? Pati po sina Mama at Papa ay mawawalan rin ng trabaho?” tanong ng walong taong gulang si Atoy. “Kapag nangyari ’yon, hindi

na kami makakapag-aral ng kapatid ko.”

Bago pa niya masagot ang mga tanong sa kanya ay nagsalita na si Zaila.

“Makinig ka sa ’kin,” sabi nito na bahagyang yumuko at hinawakan ang magkabilang pisngi ng batang si Atoy. “Huwag kang mag-alala, hindi mawawala ang tirahan n’yo pati na ang trabaho ng mga magulang mo. Magpasalamat ka sa Kuya Andrei mo dahil ipinaglaban niya kayo.”

“Totoo po ba ’yon, Kuya Andrei?”

Tumango siya bilang pagsang-ayon. “Kaya pagbutihan mo ang pag-aaral mo.”

“Opo.” Tumalun-talon ang bata sa sobrang tuwa. Sinabi nito sa mga kalaro ang magandang balita.

“Maraming salamat naman kung ganoon. Hindi na kami mangangamba na baka bukas-makalawa paggising namin ay wala na kaming trabaho at matitirahan.”

When his father passed away, Andrei took the responsibility of managing the farm. Nag-iisang anak siya kaya walang ibang aako niyon kundi siya. Hindi niya kayang pabayaang mga taong naninilbihan na sa kanila simula pa noong panahon ng namayapang lolo niya.

“Pasensya na po, Ma’am Zaila. Akala ho

namin ay nandito kayo upang pormal na ipaalam sa amin na nabili n'yo na itong farm.”

“Okay lang po, nauunawaan ko kayo. Nandito po ako para tumulong na magtanim,” excited na sabi ng dalaga.

“Sino’ng may sabing magtatanim ka? Hindi puwede.”

Naglaho ang excitement na makikita sa mukha ni Zaila. “Bakit?” bagsak ang mga balikat na tanong nito.

“Look at your clothes.” Iniwasan ni Andrei na tingnan ito. May kung anong puwersa na kapag tinititigan niya ang dalaga ay nahihirapan siyang ialis ang tingin dito. “Manang,” baling niya kay Manang Gloria. “Kayo na po ang bahala sa kanya. Huwag n’yo pong hahayaang magtanim ang isang ’yan.”

“Please, kahit saglit lang.” Malumanay ang boses ni Zaila at nakikiusap ang mga mata.

Andrei wondered why her eyes were so powerful. They showed different kinds of emotions. Nang una niya itong makita sa building ng *Almonte Realty* ay puno ng galit at hinanakit ang mga mata nito. Noong mag-usap sila tungkol sa property niya ay puno naman ng determinasyon ang nakikita niya sa dalaga.

Pero habang kausap si Atoy kanina ay nakikita niya ang concern sa mga mata ni Zaila, pero mas lamang ang kalungkutan doon.

“Please...”

At ngayon ay puno ng pagsusumamo ang magandang mukha ng dalaga. He had never seen a woman like her before. She was full of emotions. Samantalang siya, kulang na lang ay maging bato para sabihin na wala siyang pakiramdam.

“No,” mariing tugon ni Andrei, saka ito tinalikuran.

He was starting to feel something different. Hindi niya alam kung ikakatuwa niya iyon o hindi.



Nagkuwentuhan sila ni Manang Gloria. Napag-alaman ni Zaila sa ginang na naninilbihan na ito sa mga Montargo noong panahon na lolo pa ni Andrei ang namamahala sa farm. Napakabait daw ng pamilya ng binata. Hindi niya kukuwestyunin iyon dahil maganda ang pakikitungo ng lola at mama nito sa kanya.

Nalaman din niyang binalak ng namayapang ama ni Andrei na magpatayo ng mga konkretong bahay para sa mga magsasaka, ngunit sa

kasamaang-palad ay namatay ito nang maaga dahil sa sakit na cancer. Naisangla sa bangko ang ibang parte ng farm upang ipanggastos sa pagpapagamot ng ginoo. Natubos na iyon ni Andrei, pero hindi na naituloy ang pabahay na ipinangako ng matandang Montargo sa mga tauhan. Pero tiniyak nito na may palikuran ang bawat tahanan doon.

Ang mga taong nagtatrabaho sa farm ng mga Montargo ay doon din naninirahan. Magkakalapit ang mga bahay roon, hindi katulad ng madadaan sa kalsada na malayo ang agwat ng kabahayan. Ang taniman ng kamote ay nasa tapat ng bahayan kaya malaya niyang napagmamasdan ang mga nagtanim, particularly si Andrei.

Suot na nito ang flannel shirt na nakapatong sa balikat nito kanina. Tumatagaktak na ang pawis sa mukha at buong katawan nito, pero hindi iyon nakabawas sa kaguwapuhan at kakisigan nito. Mas lalo pa nga itong naging hot sa paningin ni Zaila.

“Manang, masungit po ba talaga si Andrei?”
curious na tanong niya.

“Hindi masungit si Andrei. Likas na masayahin at palangiti ang batang ’yan, pero

simula nang mamatay ang ama niya ay naging malungkutin na. Lalo na noong naghiwalay sila ng nobya niya. Dinamdami niya nang sobra. Bihira nang ngumiti na para bang pasan ang daigdig.”

Naisip ni Zaila na marahil ay ayaw na ni Andrei na mapalapit sa kahit na sino, lalo na sa babae, dahil baka masaktan ulit ito.

“Manang, may pants, damit at tsinelas po ba kayong extra?”

“Mayroon ang anak kong babae, pero hindi ako sigurado kung kakasya ba sa ’yo. Bakit ho, Ma’am Zaila?”

“Manang, huwag n’yo po akong tawaging ‘Ma’am’,” kontra niya. “ ‘Zaila’ na lang po.” Tumingin siya sa mga nagtatanim. Gusto niyang sumubok. “Gusto ko pong magtanim kaya pahiramin n’yo po sana ako.”

“Hay, naku!” Napakamot ito sa ulo. “Pasensya na pero baka pagalitan ako ni Andrei.”

“Sige na po, Manang.” Nag-beautiful eyes siya rito. “Ako po’ng bahala kay Andrei.”

Hindi niya tinigilan ang kausap hanggang sa mapilitan. Nag-alangan pa itong iabot sa kanya ang mga hinihiram niyang kasuotan.

“Don’t worry, Manang. Hindi po ako maarte

o maselan.” Inabot niya ang mga damit. “Salamat po. Saan po puwedeng magpalit?”

Itinuro nito ang isang maliit na silid. Nagbihis siya roon at itinupi ang mga damit na hinubad. Medyo maluwag sa kanya ang blouse, pati ang pants. Good thing dahil ang pants na suot niya ay tali ang panghigpit kaya nasikipan niya iyon. Inayos niya pati ang pagkakapusod ng buhok upang hindi iyon maging sagabal.

“Manang, iiwan ko po muna ang mga gamit ko.”

“Sige, ako na ang bahala sa mga iyan. Pero paano ’yan, wala kang sombrero?”

“Okay lang po.”

Bago pumunta si Zaila sa taniman ay may iniabot sa kanya ang matanda na pambungkal ng lupa.

Pinagmasdan niyang mabuti ang mga nagtatanim. Mabibilis na kumilos ang mga ito na tila bale-wala ang sikat ng araw na dumadampi sa mga balat. Napakagandang tingnan na nagkukuwentuhan ang lahat habang nagtatrabaho. Hanga siya sa magsasaka dahil kahit mahirap at payak ang pamumuhay sa probinsya ay nakukuha pa ring ngumiti ng mga tao. Kahit gaano kabigat ang trabaho ay tila

magaan dahil palaging nakangiti ang mga ito.

Lumapit siya sa anak ni Manang Gloria na hiniraman niya ng damit. Itinuro ito sa kanya ng ginang kanina. Apo ni Manang Gloria ang batang si Atoy at ina ng bata ang babaeng nilapitan niya.

“Puwede pong magpaturo?” tanong niya.

“Ma’am, baka magalit po si Andrei. Ipinagbilin pa naman ni Boss na huwag kang patulungin.”

“‘Zaila’ na lang ang itawag mo sa ‘kin.” Ayaw niyang may tumatawag sa kanya ng ‘Ma’am’. Noong nagtatrabaho pa siya sa *Almonte Realty* ay hindi rin siya nagpapatawag ng ganoon. “Huwag mo na lang sabihin kay Andrei. Hindi naman niya mahahalata dahil nagbihis ako. Ipinahiram ni Manang Gloria sa ‘kin ang mga damit mo. Salamat.”

“Anong hindi ko mahahalata?”

“Ay, kabayo!” Nagulat siya nang bigla-bigla na lang sumulpot si Andrei mula sa kung saan.

“Ang kulit mo. Nakakaistorbo ka sa nagtatrabaho.”

“Saglit lang, promise!” Itinaas ni Zaila ang kanang kamay tanda ng panunumpa. “Ipinapangako ko na hindi ako manggugulo at pagbubutihan ko ang trabaho. Huwag kang mag-alala dahil hindi mo ako kailangang bayaran.”

“No!”

Bakit ang hirap nitong pakiusapan? Kapag sinabing hindi, hindi talaga. *Bad trip!*

Parang ikaw, sabi ng boses sa isip niya.

“Ano ba’ng problema? Nakabihis na ako at saka sandali lang naman. Ipagkakait mo pa sa ’kin ang bagay na ’to? Minsan ko lang mararanasan ’to at baka hindi na maulit kaya pumayag ka na.”

Naiinis si Zaila. Palagi na lang kailangan niyang humingi ng permiso sa mga bagay na gusto niyang gawin. Malayo nga siya sa ama, pero may tao pa rin na kailangan niyang pagpaalaman. Ang saklap ng kapalaran niya! Darating pa kaya ang panahon na malaya niyang magagawa ang gusto niya?

“Sige, payag na ako pero sandali lang.”